

MAGLAAN NG SANDALI...

Mahalaga ang Mga Relasyon!

IKAW ang pinakamahalagang tao sa buhay ng iyong anak! Kaya mahalagang pagtuunan ng maagang panghihimasok ang relasyon sa pagitan mo at ng iyong anak. Ang mga serbisyo ng Early Start ay idinisenyo upang bigyan **KA** ng kapangyarihan para mas mahusay na matugunan mo nang mabuti ang mga natatanging pangangailangan ng iyong anak. Ang mga nagbibigay ng serbisyo sa iyo ay bibigyan ka ng mga ideya at suporta para matulungan mo ang iyong anak na matuto ng mga kakayahan na sa palagay **MO** ay pinakamahalaga!

Ang pagpapabuti ng pakikisalamuha sa tao at ng damdamin ay naglalarawan sa kakayahang maranasan at maipahayag ang mga nararamdaman, bumuo ng mga relasyon at i-explore ang mundo. Ang pagpapabuti ng pakikisalamuha sa tao at ng damdamin ay ang pundasyon para sa lahat ng iba pang pagkatuto at pag-unlad sa buhay. Totoo ito para sa lahat ng bata, kabilang ang mga may kapansanan at pagkaantala. Ang lahat ng pamilya, kung makakakuha ng suporta ay maaaring tulungan ang kanilang anak kung paano makipagkaibigan, magpakita ng matitinding damdamin sa malulusog na mga paraan, at matiwasay na mapamahalaan ang mga hindi pagkakasundo. Ang mga ito ay mga halimbawa ng mga kakayahan para sa pakikisalamuha sa tao at para sa emosyon. Ang iyong relasyon sa iyong anak ay mahalaga dahil pinapabuti ng magagandang relasyon ang utak ng iyong anak. Bawat araw, nasaan ka man, ang magandang ugnayan ng magulang at anak ay tumutulong sa pagpapatibay ng pagbubuklod ninyo, na nagbibigay sa iyong anak ng kailangan niya upang matuto at umunlad.

Kapag nararamdaman ng iyong anak na siya ay ligtas, malayo sa panganib, inaalagaan at minamahal, siya ay uunlad at matututo!

Nauunawaan namin na hindi palaging madali ang pagiging magulang! Ang mga magulang na may mga anak na mayroong pagkaantala o kapansanan ay maaaring mangailangan ng karagdagang suporta. Ang mga hamon sa asal, pakikipag-ugnayan at pisikal ay maaaring higit pang gawing mahirap ang pagiging magulang. Narito ang iyong Early Start Team para tulungan ka! Maaari mong patibayin ang pagbubuklod at koneksyon na mayroon ka sa iyong anak araw-araw, sa panahon ng iyong mga karaniwang gawain sa araw-araw. Tutulungan ka naming malaman kung paano!

Para sa karagdagang impormasyon sa pagpapabuti ng pakikisalamuha sa tao at ng damdamin, panoorin ang video na ito sa: <http://earlystartneighborhood.ning.com/ssip-resources/TaMvideo>

Maglaan ng sandali upang maglaro, kumanta, magbasa at makipagtawanan kasama ng iyong anak.

Ikaw at ang iyong anak



Mga ideya at mga payo...

Paano mo malalaman kung ang iyong anak ay masaya, malungkot, bigo, natatakot o galit?

Panoorin mo ang iyong anak para masimulan mong malaman ang kanyang mga palatandaan. Maaari siyang gumamit ng mga galaw ng katawan, ekspresyon ng mukha at mga tunog upang ipakita sa iyo ang kanyang nararamdaman.

Isipin kung paano nararanasan ng iyong anak ang mga bagay.

Paano ka tumutugon sa mga nararamdaman ng iyong anak?

Patunayan ang mga nararamdaman ng iyong anak, at bigyan ang mga ito ng mga simpleng salita. Halimbawa, "Nakikita kong bigo ka dahil hindi mo maabot ang iyong laruan."

Kung masaya ang iyong anak, ipagpatuloy ang ginagawa mo. Kung naiinis ang iyong anak, maglaan ng sandali upang paginhawahin ang kanyang nararamdaman.

Paano mo tinutulungang kumalma ang iyong sanggol o batang anak?

Tandaan na manatiling kalmado. Subukan ang iba't ibang paraan upang pakalmahin ang iyong anak, tulad ng pagyakap sa kanya, paghele sa kanya, bigyan siya ng espesyal na laruan o kumot, kumanta o magpatugtog ng nakakarelaks na musika.

Mag-isip ng malulusog na paraan upang mapamahalaan ang mga nararamdaman: huminga nang malalim, magbilang ng apat, maglobo ng mga bula, kumanta o magsayaw ng katawa-tawa kasama ng iyong anak. Tanungin ang iyong anak kung gusto niyang mayakap.

Paano mo ipinapakita sa iyong anak na mahalaga siya at minamahal?

Maglaan ng oras upang makipag-ugnayan sa iyong anak: ngumiti, makipag-usap at makinig sa kanya, magbasa, kumanta at makipaglaro sa kanya, magkasamang mag-enjoy na kumain.

Mas madalas na i-off ang mga electronics para makapagtuon ka sa iyong relasyon sa iyong anak.

Paano mo hinihikayat ang asal na gusto mong makita mula sa iyong anak?

Tandaan na kung pagod, nauuhaw, gutom o hindi komportable ang iyong anak, hindi magiging maganda ang kanyang asal. Intindihin muna siya bago mo siya turuan ng bagong asal.

Mayroon ka bang anumang mga alalahanin o tanong tungkol sa iyong anak?

Makipag-usap sa iyong Early Start Team. Narito kami para tumulong!

Tandaan...

Ikaw ang unang guro ng iyong anak! Maraming natututunan ang mga bata mula sa ginagawa ng ibang tao... lalo ka na! Magpahinga kapag nahihirapan kang manatiling kalmado. Siguraduhing ligtas ang iyong anak at bigyan ng sandali ang iyong sarili upang kumalma. Maaari mong sabihin ang, "Kailangan ko ng kaunting oras upang pag-isipan kung paano kita matutulungan." Pamahalaan ang sarili mong emosyonal na kapakanan. Kung ikaw ay may stress, depresyon o pagkabalisa, nakakaapekto ito sa iyong anak. Humingi ng tulong at suporta na kailangan mo.



Developed with the support of the California Interagency Coordinating Council (ICC) on Early Intervention and the Early Start Comprehensive System of Personnel Development. Early Start is implemented by the Department of Developmental Services

